Republic of the Philippines

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM

MABISANG KOMUNIKASYON

Baitang 11

This curriculum guide contains inputs from the Technical Panel for General Education of the Commission on Higher Education (CHED)

Deskripsiyon ng Kurso:

Ang **Mabisang Komunikasyon / Effective Communication** ay isang pangunahing kurso para sa lahat ng mag-aaral ng Baitang 11 na dinisenyo upang linangin ang kanilang kakayahang komunikatibo sa Filipino at sa Ingles na nakabatay sa mga inaasahan ng Antas B2 ng Common European Framework of Reference (CEFR), at sa apat na pangunahing konteksto: personal at interpersonal, sosyal at kultural, akademiko at pampagsasanay, at propesyonal at pantrabaho. Inihahanda ng kurso ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa mga pasalita, pasulat, at multimodal na sitwasyong komunikatibo nang may tiwala sa sarili, kalinawan ng pagpapahayag, at pagiging sensitibo sa kultura ng iba. Binibigyang-diin ng kurso ang estratehikong paggamit ng wika, kaangkupan ng bokabularyo, tono at estruktura, literasing pangmidya at pang-impormasyon, at mga kilos pangkomunikasyong angkop sa mga gawi at halagahang Pilipino. Sa replektibong paggamit ng wika at malayuning pakikipagtalastasan, nalilinang ng mga mag-aaral ang kanilang pagkakakilanlan bilang responsableng mga tagapagpahayag na may kakayahang sumabay at umangkop sa globalisadong mundo.

Gumagamit ng framework na dual-track, magkasabay na itinuturo ng kurso ang Filipino at Ingles sa paraang komplementaryo sa isa't isa. May kani-kaniya mang gurong nakatalaga sa pagtuturo ng bawat wika sa loob ng 80 oras kada taong panuruan, nagkakaisa naman sila sa hangaring mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Iniaayon ang pagtuturo sa kalikasan ng bawat wika kaya natitiyak ang lalim ng pagkatuto, katumpakan ng pagtataya, at paglinang sa mga kakayahang naisasalin sa mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, napauunlad ng asignatura ang bilingguwal na kakayahang komunikatibo – isang pundasyon sa kahandaang sumabay sa globalisadong mundo at aktibong makilahok sa isang lipunang multilingguwal.

Hindi tulad ng mga modelong pinagsasanib lang ang Filipino at Ingles bilang isang kursong may magkahalong wika, gumagamit ang Mabisang Komunikasyon ng dulog integratibo: pinananatili nito ang kani-kaniyang integridad ng bawat wika habang tinitiyak na nakatuon ang mga bungang nais matamo sa iisang hangarin. Batay ito sa paniniwalang ang pagtuturo ng Filipino at Ingles ay nagtatagpo rin sa mga antas estruktural at konseptuwal, hindi lang sa antas lingguwistiko. Ito ang maghahanda sa mga mag-aaral sa progresibo na estratehiyang komunikatibo gaya ng translanguaging na magagamit nila nang maláy at naaayon sa tiyak na layunin sa mga gawaing pampagtataya at sa mga totoong sitwasyon sa buhay.

Pagdating sa nilalaman, binalangkas ang kurikulum nang papaunlad ayon sa apat na domeyn: nagsisimula ang komunikasyon sa mga kontekstong pamilyar at personal at lumalawig tungo sa mas malalawak, pampubliko, at panghinaharap na mga sitwasyon. Hinihikayat ng bawat markahan ang mga mag-aaral na pag-isipan kung paano tutugon sa mga interaksiyon lalong nagiging komplikado habang nililinang ang mga gawing magpapaisip at magpapalago sa kanila batay sa feedback. Mahalaga ang mga ito upang unti-unting mahasa ang kanilang kasanayang komunikatibo sa paglipas ng panahon. Direkta ring nag-aambag ang kursong Mabisang Komunikasyon sa 21st Century Skills Framework ng Kagawaran ng Edukasyon na nagpapatibay hindi lang sa literasi at kolaborasyon kundi maging sa pagkakaroon ng sensibilidad sa ibang kultura, pagtatamo ng kahusayang dihital, at pagkakaroon ng pananagutang etikal.

Sa pagtatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

a. nagagamit nang mabisa ang mga estratehiyang komunikatibo, kasama na ang maláy na pagpili ng gagamiting wika at tono ayon sa konteksto;
b. nakikilahok sa mas malalawak na sitwasyong komunikatibo nang may tiwala sa sarili at tiyak na layunin;
c. nagagamit nang responsable ang iba't ibang kasangkapan at platapormang dihital upang mapabuti ang pagpapahayag at interaksyon; at
d. napagninilayan ang paglago nila bilang mga tagapagpahayag na gumagamit ng feedback upang mapabuti ang sarili at makapaghanda sa mga pangangailangang komunikatibo sa hinaharap.

Tinutulungan ng kursong ito ang mga mag-aaral, hindi lang upang magtagumpay sa antas akademiko at propesyonal kundi upang magkaroon din ng makabuluhang pakikilahok sa isang malawak at nagbabagong mundo.

Pangungahing Asignatura
Itinalagang Oras: Dalawang (2) oras bawat linggo; kabuoang 80 oras sa loob ng isang taon

UNANG MARKAHAN: MABISANG KOMUNIKASYON SA KONTEKSTONG PERSONAL AT INTERPERSONAL

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal at interpersonal na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop at kolaboratibo; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, at pag-unawa sa konteksto ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa pinanggagalingan ng kausap.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal at interpersonal na sitwasyong komunikatibo; nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal, gaya ng pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakikibahagi sa malalalim na talakayan tungkol sa mga personal at interpersonal na paksa; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong kaugnay sa nilalaman at layunin ng usapan at korespondensiya; at nakabubuo ng iba't ibang anyo ng personal at interpersonal na korespondensiya tulad ng liham, *email, text message* o *chat,* at *post* sa *social media.*
MGA MUNGKAHING SITWASYONG KOMUNIKATIBO	• Pagpapakilala ng sarili at pagpapakilala ng ibang tao sa iba't ibang uri ng tagpuan (pormal/impormal, online/offline) • Pagbibigay ng makabuluhang mensahe sa iba't ibang okasyon • Pagpapahayag ng saloobin o nararamdaman nang may pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba

	• Pakikipag-usap nang “puso sa puso” • Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng aktibong pakikinig at pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, pagbibigay ng eulohiya, atbp.) • Pagsulat ng personal na liham para sa magulang, kaibigan, kamag-anak, at guro gamit ang email • Pagsulat ng Liham-Pakikidalamhati • Pagsulat ng Liham-Pakikiramay • Pagsulat ng dyornal (*travel*, personal, at repleksiyon) tungkol sa mga pangyayari sa buhay • Pagsulat ng naganap o hinaing tungkol sa di magandang karanasan • Pagsulat ng *blotter* ng pagrereklamo sa barangay o tanggapan ng pulisya tungkol sa pang-aabusong naganap at personal na hinaing o kaso *(Tematikong pagsasalaysay ng mga pangyayari)* • Pagsulat ng mga mensahe sa text, email o pahayag na sulat-kamay para sa layuning personal • Pagpapahayag nang angkop ng mga damdamin at papuri • Paglutas sa mga di-pagkakasundo sa pamamagitan ng magalang na pakikipag-usap • Paglikha ng mga *digital diary* o vlog na nagpapahayag ng mga pansariling karanasan (hal. *reels*, *blogs*, *vlogs*, memes, *video diaries,* atbp.) • Paggamit ng multimedia sa online conversations mga usapang online (hal., *voice notes*, GIFs, *images*, atbp.)
MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO	
Pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal at kung paano ito hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto	
Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba’t ibang personal at interpersonal na paksa	
Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon)	
Nasusuri ang nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon, gaya ng pag-uusap at korespondensiya	
Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon gamit ang angkop na berbal at di-berbal na mga estratehiya	
Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba’t ibang personal at interpersonal na paksa	
Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan (hal. pagpapasimula ng paksa, pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, *turn-taking*, pagbibigay ng kumpirmasyon o *back-channeling*, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan)	
Nakagagamit ng angkop na di-berbal na mga estratehiya upang mapahusay ang kalidad ng komunikasyong personal at interpersonal	

Malinaw at maayos na pagpapahayag ng mga ideya sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon, awdyens, at konteksto
Nakabubuo ng maayos na personal at interpersonal na komunikasyon na nagpapakita ng malinaw na layunin at pag-unawa sa awdyens (hal. pagtatanong, pagkukwento, paglalahad ng obserbasyon, pagsasalaysay ng karanasan, o pagpapahayag ng opinyon)
Nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal (hal. pagsulat ng talaarawan o dyornal, pagbuo ng *social media profile*) upang mapagnilayan ang mga natutuhan at karanasan, makapagtakda ng layunin, at makagawa ng *online* na presensiya habang pinoprotektahan ang mga pribadong datos
Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura (hal. paggamit ng mga panandang kohesyong gramatikal) sa iba't ibang layunin
Pagninilay sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa personal at interpersonal na komunikasyon
Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin
Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong personal at interpersonal na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo

IKALAWANG MARKAHAN: MABISANG KOMUNIKASYON SA KONTEKSTONG SOSYAL AT KULTURAL

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga kontekstong sosyal at kultural sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay sumasalamin sa gampaning panlipunan, mga panlipunang pamantayan at dinamika, at kultural na pagkakaiba-iba, at ang pagiging bukas, pagkakaroon ng sensibilidad sa kultura, paggamit ng ingklusibong wika, at mga etikal na konsiderasyon ay nagpapalalim ng pakikipag-ugnayan sa iba’t ibang komunidad at pampubliko at dihital na espasyo.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga sitwasyong komunikatibo na kinabibilangan ng iba’t ibang pangkat sosyal at kultural; nakikibahagi sa mga pormal at di-pormal na ugnayan na nagpapakita ng sensibilidad sa mga pamantayang kultural, panlipunang gampanin at gawi; tumutugon nang may paggalang sa mga pampublikong talakayan hinggil sa mga isyung panlipunan at kultural; at nakabubuo ng mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal gaya ng anunsiyo, opinyon o kolum, naratibong kultural, *blogs*, at mapagnilay na komentaryong nagtataguyod ng ingklusibo at etikal na komunikasyong panlipunan.

MGA MUNGKAHING SITWASYONG KOMUNIKATIBO	• Pakikilahok sa mga talakayang interkultural at diyalogong pampamayanan • Pakikipag-ugnayan/usap sa iba’t ibang lugar at konteksto • Pagho-host o paglahok sa mga *online forum* tungkol sa mga isyung panlipunan o mga adbokasiya • Pagsulat at pagbigkas ng mga talumpati para sa mga paaralan, barangay, o pagtitipong pangkabataan • Paggawa ng *blog post* o *content* sa *social m*edia tungkol sa katutubong pagkakakilanlan, pamanang kultural, o mga kilusang panlipunan • Pagsulat ng mga liham pang-adbokasiya o sulating opinyon para sa mga platapormang pampamayanan • Pakikilahok sa mga gawaing pagkukuwento o pagbigkas ng tula na may temang panlipunan • Pag-unawa sa kultural na konteksto at pagsaalang-alang ng mga kultural na pagkakaiba na maaaring makaapekto sa interpretasyon ng mensahe • Pakikipanayam sa mga lokal na tagapamuno, mga nakatatanda, o mga tagapag-ingat ng kultura para sa *podcast* o publikasyong pampamayanan
MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO	
Pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal at kung paano ito hinuhubog ng kontekstong kultural, mga kaugalian, at panlipunang pamantayan at dinamika	
Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba’t ibang sitwasyong pangkomunikasyon (hal. talumpati, brodkast pangmidya, kultural na pagtatanghal)	
Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong dihital	
Nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o *bias* sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural (hal. *social media post, podcast, art exhibit*, pista o *festival*)	
Mabisang pakikilahok sa komunikasyong panlipunan gamit ang berbal at di-berbal na mga estratehiyang angkop sa kultura	
Nakagagamit ng angkop na berbal at di-berbal na mga estratehiya (hal. magagalang na pananalita, hudyat at estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan) upang mabisang makipag-ugnayan tungkol sa iba’t ibang kontekstong sosyal at kultural	
Naipakikita ang sensibilidad sa mga panlipunang gampanin, pangkatang dinamika at kultural na pagkakakilanlan sa mga interaksyong *face-to-face* at *online*	
Malinaw na pagpapahayag ng mga idea gamit ang ingklusibo at magalang na wika sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon, awdyens, at konteksto	
Nakabubuo ng mga tekstong *public-facing* (hal. *blog*, komentaryo, adbokasiyang post sa *social media*, o maikling opinyon o kolum) na nagsusulong ng pagiging ingklusibo, pagkakapantay-pantay, o kamalayang panlipunan	

Nakabubuo ng mga mapanuring rebyu ng mga tekstong may kabuluhang kultural (hal. pelikula, maikling kuwento, tula, serye sa telebisyon)
Nakabubuo ng magkakaugnay na argumento o naratibong sumasalamin sa pag-unawa sa panlipunang pananagutan, pagkakaiba-iba, at mga kaugalian
Pagninilay sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa komunikasyong sosyal at kultural
Naipaliliwanag kung paano nakaaapekto ang kamalayang kultural at sensibilidad sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa iba't ibang kontekstong panlipunan
Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa komunikasyong panlipunan o interkultural na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang sa pagsulong ng ingklusibo at etikal na diskurso

IKATLONG MARKAHAN: MABISANG KOMUNIKASYON SA KONTEKSTONG AKADEMIKO AT PAMPAGSASANAY

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon sa ganitong konteksto ay pormal, may estruktura, at batay sa partikular na disiplina, at na ang integridad sa intelektuwal na gawain, tapat at magalang na pagpuna, at ingklusibong wika ay nagpapalalim ng makabuluhang pakikilahok sa mga akademiko at pampagsasanay na konteksto.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon at awdyens, gaya ng artikulo, ulat-pananaliksik, presentasyon, rebyu, at *podcast*; nakapaghahanda ng mga tala at listahan ng mapagkakatiwalaang sanggunian bilang batayan ng mga tekstong ito; nailalapat ang mga tekstong ito sa anyong presentasyon na ginagamitan ng di-berbal na komunikasyon at multimedia; at nakapagbibigay ng tugon at nakatatanggap ng puna hinggil sa nilalaman, estruktura, at wika upang mapaunlad ang pagganap.
MGA MUNGKAHING SITWASYONG KOMUNIKATIBO	• Pakikilahok sa mga nakaestrukturang talakayang pangklase o seminar • Pagtatanong/pagmumungkahi • Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel • Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya • Pagbuo ng kagamitang biswal katulad ng dayagram, tsart, at iba pa sa paglalahad ng kaalaman • Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo • Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel • Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o workshop na may *feedback* • Pagrerekord ng naka-videong sanaysay o pasalitang pagtatanggol ng mga proyekto o tesis • Pagbuo ng teksto gamit ng *podcasts*, *infographics*, o *digital newsletters*

MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Pagbibigay-kahulugan sa mga akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat, at multimodal at kung paano ito hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto
Natutukoy kung paanong ang nilalaman, estruktura, at wika ng mga pasalita, pasulat, o multimodal na tekstong akademiko at teknikal ay hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto
Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood upang maunawaan ang mga tekstong akademiko at teknikal
Nabibigyang-kahulugan ang datos na nakalarawan sa mga multimodal na anyo (hal. tsart, talahanayan, pigura, atbp.)
Nagagamit ang angkop na mga estratehiya sa pag-unawa ng mga salitang di-pamilyar, kabilang na ang espesyalisadong termino
Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon sa kontekstong akademiko at pampagsasanay
Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba’t ibang paksang akademiko at teknikal
Nakasusunod sa mga pamamaraan, panuto, o proseso sa anyong pasalita, pasulat, o multimodal (hal. pigura, dayagram, tsart, atbp.) upang matagumpay na maisakatuparan ang layunin o matamo ang inaasahang resulta
Nakikilahok nang may kabuluhan sa mga akademiko o teknikal na lektura, presentasyon, o diskusyon sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon
Nakikibahagi sa kolaboratibong gawaing akademiko at teknikal (hal. panukalang proyekto, teknikal na ulat, lektura, manwal, atbp.) upang magamit ang kaalaman at kakayahan ng bawat isa at makamit ang kolektibong layunin
Malinaw at maayos na pagpapahayag ng mga idea sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon, awdyens, at konteksto
Nakabubuo ng maayos na tekstong akademiko at teknikal na nagpapamalas ng kamalayan at pagsasaalang-alang sa awdyens at layon (hal. presentasyong may *visual aid*, sanaysay, ulat sa pananaliksik at pagsusuri, atbp.)
Naipaliliwanag ang mga konsepto gamit ang angkop na bokabularyo at wikang akademiko at teknikal at representasyong multimodal (hal. dayagram, grap, tsart, *infographic*, atbp.)
Nakagagawa ng dayagram, tsart, balangkas, buod, sinopsis, o *paraphrase* mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, o multimodal
Nakagagamit ng mga etikal na pamantayan (hal. wastong pagsipi, deklarasyon ng paggamit ng AI, pag-iwas sa *plagiarism*, atbp.) sa pagbuo ng mas mahahabang akademiko at teknikal na tekstong pasalita, pasulat at multimodal
Pagninilay sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa kontekstong akademiko at pampagsasanay
Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong akademiko at pampagsasanay na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin
Nakasusuri ng sariling pakikilahok sa kontekstong akademiko at pampagsasanay na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang upang mapaunlad ang pagganap at mahubog ang panghabambuhay na pagkatuto

IKAAPAT NA MARKAHAN: MABISANG KOMUNIKASYON SA KONTEKSTONG PROPESYONAL AT PANTRABAHO

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa mabisang komunikasyon sa mga propesyonal at pantrabahong konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nila na ang mga padron ng interaksyon ay batay sa konteksto at layon, at maikli; at na ang kalinawan, pormalidad, kaalaman sa hirarkiya, regulasyon ng emosyon, kultural na sensibilidad, at etikal na pananagutan ay nagpapalalim ng mabisang propesyonal at pantrabahong ugnayan.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakabubuo ang mga mag-aaral ng iba't ibang uri ng korespondensiya alinsunod sa mga kumbensiyon sa pagsulat; nakagagawa ng mga propesyonal na *profiles* at resumés na akma sa layon at awdyens; nakasusulat ng mga *case studies*, panukalang proyekto, at ulat-pangnegosyo; nakapagmumungkahi ng mga lathalang pantrabaho, publikasyong korporatibo, o artikulo para sa industriya alinsunod sa pagkakakilanlan ng organisasyon; at nakikilahok sa makabuluhang mga panayam, pulong, talakayan, at negosasyon.
MGA MUNGKAHING SITWASYONG KOMUNIKATIBO	• Pagsulat ng nakaestrukturang mga résumé, *cover letter*, at liham-aplikasyon para sa trabaho o iskolarsyip • Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal para sa iba't ibang pangangailangan (hal., liham-pagtatanong, liham-kahilingan, liham-pagtanggi, liham-pag-uulat, liham-pagsubaybay, liham-panawagan, liham-pagpapatunay, liham-pakikiramay, liham-pakikidalamhati, atbp.) • Pagsulat ng panawagan o anunsiyong pampubliko • Pagbuo ng personal na *profile* (hal. LinkedIn, portfolio, at iba pang plataporma para sa propesyonal na networking) • Pagsasanay para sa interbyu sa trabaho, paglalahad ng ideang pangnegosyo, o pakikipagnetwork • Pagsulat ng mga memo, *incident report*, o katitikan ng pulong • Pagsulat ng email para sa mga pormal na kahilingan, *follow-up*, at korespondensiya sa ibang opisina • Pagsasadula ng konsultasyon sa mga kliyente, pagsagot sa tawag ng kliyente, o propesyonal na pagpapakilala • Presentasyong pang-multimedia gamit ang mga propesyonal na app (hal., Canva, Powerpoint, atbp.) • Pagtugon sa *feedback* o reklamo ng mga kustomer gamit ang pasalita at pasulat na komunikasyon
MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO	
Pagbibigay-kahulugan sa mga propesyonal at pantrabahong tekstong pasalita, pasulat, at multimodal at kung paano ito hinuhubog ng awdyens, layon, at konteksto	
Naututukoy ang paggamit ng wika at tono nang may layunin sa pagtalakay ng iba't ibang propesyonal at pantrabahong paksa.	

Nakikinig nang aktibo sa komunikasyong pantrabaho at propesyonal (hal. mga pulong, tawag sa telepono, presentasyon, panuto, atbp.) upang makapagtala ng tumpak at organisadong impormasyon bilang batayan sa pagsasakatuparan ng gawain at sanggunian sa hinaharap
Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon sa kontekstong pantrabaho at propesyonal
Nakagagamit ng angkop na wika, tono, at estruktura ayon sa awdyens, layon at konteksto sa pagtalakay ng iba't ibang usaping propesyonal o pantrabaho
Nakikilahok nang may kabuluhan sa komunikasyong propesyonal o pantrabaho (hal. mga panayam, pulong, negosasyon, sesyon ng pagbibigay ng puna, atbp.) sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbibigay ng puna o mungkahi, at angkop na pagtugon
Nakikibahagi sa mga kolaboratibong gawaing pantrabaho o propesyonal (hal. paggawa ng panukala, ulat, presentasyon, o proyekto) upang magamit ang kaalaman at kakayahan ng bawat isa at makamit ang kolektibong layunin
Malinaw at maayos na pagpapahayag ng mga idea sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal para sa tiyak na layon, awdyens, at konteksto
Nakabubuo ng maayos na komunikasyong propesyonal o pantrabaho na nagpapamalas ng kamalayan sa awdyens at layon (hal. presentasyon na may visual aid, *email*, ulat, atbp.)
Nagagamit ang angkop na kumbensiyon sa pagsulat (hal. anyo at disenyo*, font, bulleting* at *numbering, bolding, italicization*, atbp.) at tiyak at malinaw na wika upang makapagpahayag ng mabisang komunikasyong propesyonal at pantrabaho
Nakabubuo ng mga propesyonal na *profile*, *resumé*, at aplikasyon sa trabaho o kolehiyo na angkop sa layon at awdyens
Pagninilay sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa komunikasyong propesyonal at pantrabaho
Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga kontekstong propesyonal at pantrabaho na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin
Nasusuri ang sariling kahandaang makilahok sa komunikasyong propesyonal at pantrabaho na may pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan ng paglinang para sa aktuwal na aplikasyon sa mundo ng trabaho